# Nakaugat Sa Pangako Ng Diyos

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Alex Balatbat
Disyembre 09, 2023

Ano ang Ministeryo? Ang Ministeryo ay ang lugar kung saan tayo maaaring maglingkod; hindi ito lugar para magpasikat o kaya magtanghal. Dahil dito, ang pamumuno ay ang pagdala ng tao kung saan hindi na nila tayo kailangan. Bilang mabuting pinuno dapat nasa isip natin na may pangako tayo sa Diyos, huwag na huwag din natin kalilimutan na nakaugat tayo sa Diyos na hindi nang-iiwan. Ang pamumuno natin ay naipapaliwanag sa pangako ng Diyos sa atin.

**1. Saan nanggagaling ang ating sigasig?** Ang pagsusuri sa ating motibo at sa paraan ng ating pamumuno ay makatutulong para madiskubre natin ang ating sarili.

**a.** Winika ni San Juan Bautista, "Kinakailangang Siya ay maging dakila, at ako nama'y mababa…"

**b.** Tinuruan tayo ni Hesus na huwag mangarap nang matayog, bagkus mangarap nang "malalim."

**2. Saan naka-ugat ang ating pamumuno?** Ito ba ay nakaugat sa pundasyong bato o sa buhangin? Kapag ito'y sa bato hindi tayo magigiba, ngunit kung ito'y sa buhanginan, magigiba kung may lindol na darating.

**a.** Nakaugat ba sa Diyos ang ating mga gawain? Sumusuko ba tayo agad kung tayo'y may pagsubok? Maski ang Diyos ay naghirap din.

**b.** Ang kalakasan ay nagmumula kay Hesus na nagmamahal sa atin nang lubusan. Kung ang paraan ng ating paglilingkod/pamumuhay ay nakaugat sa buhangin (katanyagan, sariling interes, mga tao), magigiba tayo kung may bagyong darating.

**c.** Ang tawag para sa ating pangako ay kailangang nakaugat sa pangako ng Diyos sa atin. Ang pagdating ni Hesus ay hindi inaasahan. Sa talinghaga ng 10 birhen, ang mga hangal ay nagdala ng ilawan ngunit hindi nagbaon ng langis. Kaya, ang kanilang ilawan ay aandap-andap nang dumating na ang lalaking ikakasal, kaya sila'y tinanggihan. Kaya lagi tayong maghanda ng sobra, para hindi tayo magkukulang sa araw ng pangangailangan.

**3. Ang Pangako ng mga Pinuno**

**a. Ang mga pinuno ay hindi lang "puno" kundi dapat umaapaw.** Hindi sapat ang sakto. Dapat siya ay umaapaw para mapunuan niya ang kakulangan ng ibang tao. Ang pag-ibig ng Diyos ay siksik liglig at umaapaw. "Patuloy ko kayong mamahalin."

**b. Mabuhay para sa layunin**. Kung nagagawa natin, natupad na ang plano ng Diyos sa atin. Doon pa lamang tayo makapaglilingkod sa Diyos at sa simbahan nang may pagmamahal at kasiyahan.

**c. Isipin na ang ating pagsisilbi ay hindi dahil sa komunidad** (pangalawa lamang ito). Ang ating pagsisilbi ay para sa ating sarili, para matupad ang ating layunin sa mundo.

**d. Ang pinagmumulan ng ating kagalakan kung tayo'y naglilingkod ay ang pag-unawa na naga-gampanan natin ang plano ng Diyos.** Kung di tayo marunong magpasalamat, iniisip natin na ito'y karapatan natin. Gawin natin ang lahat para sa ating sarili, na kaganapan ng plano ng Diyos sa atin.

**e. Balikan natin ang walang pasubaling pag-ibig ng Diyos; saka lamang tayo nakakapangako nang tunay sa ating sarili, gaya ng ipinangako ng Diyos sa atin.** Ang ating pangako ay hindi dapat nakaugat sa ating sarili, kundi nakaugat ito sa katapatan ng pag-ibig ng Diyos sa atin.

**Konklusyon:**

Hindi tayo tinawag ng Diyos upang maging perpekto, kundi maging tapat. Huwag tayong umasa na lahat ng gusto natin ay ating makakamit. Magsaya tayo, intindihan ang pamamaraan ng proseso. Ang mismong pamamaraan ay resulta na. Huwag nating isiping kaya natin ang lahat. Pahalagahan natin at umunlad sa ating mga paghihirap. Huwag natin gawin ang hindi para sa atin. Kung ang ginagawa natin ay ang plano ng Diyos, hindi kailanman tayo mapapagod.

**Pagninilay:**

1. Suriin saan nanggagaling ang iyong paglilingkod? Bakit ka naglilingkod?
2. Nagiba ka ba sa kwento ng iyong buhay? May tunay ka bang katwiran upang sabihin mong "suko na ko." Ilahad ang mga katwirang ito sa Diyos. Siya ang tumawag sa iyo na maglingkod. Makukumbinse mo ba ang Diyos sa mga katwiran mong ito?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni : Sis Nida Cruz
For more teachings, visit our website:
https://lordsflock.org/digests
Tags:#Pamumuno; #layunin; #pangako